

MONARCH HOMES

MGA BAGO'T ABOT-KAYANG 1-SILID-TULUGANG APARTMENT PARA SA MGA 62+ NA NAKATATANDA



Matatagpuan sa Distrito ng Hoover-Foster sa Oakland

- Ang mga kinakailangan sa kita ay nalalapat
- 51-yunit na apartment complex
- Malapit sa mga linya ng bus ng AC Transit
- On-site na pamamahala ng pag-aari
- On-site na labahan
- Kwartong pang-komunidad, kwartong pang-ehersisyo, hardin ng komunidad
- 5-palapag na gusali na may elevator
- May mga magagamit na yunit

ANG MGA APLIKASYON AY MAGAGAWA ONLINE SIMULA SA SETYEMBRE 24, 2020

www.sahahomes.org/apply

HULING ARAW: 5:00 PM, OKTUBRE 1, 2020

Hilingin na ipadala ang isang aplikasyon sa iyo, bilang isang makatwirang akomodasyon LAMANG:

Telepono: 510-629-9097 TTY: (510) 653-0828



Monarch Homes

1-silid-tulugan			
Renta: Tinatayang 30% ng buwanang kita			
Dami ng Tao sa Sambahayan	1 Tao	2 Tao	3 Tao
Pinakamababang Taunang Kita	Walang Pinakamababang Kita		
Pinakamataas na Taunang Kita	\$45,700	\$52,200	\$58,750

Ang pinakamababang halaga ng kita ay maaaring magbago. Walang kinakailangan para sa pinakamababang kita para sa mga sambahayan na may Seksyon 8 na tulong. Ang mga halaga ng renta ay maaaring magbago. Ang mga limitasyon sa kita ay maaaring magbago.

MGA MADALAS ITANONG

1. Ano ang kinakailangan sa edad?

Ang Ulo ng Sambahayan ay dapat na nasa **edad 62 o mas matanda** sa panahon ng aplikasyon.

2. Paano ko kukumpletuhin ang isang aplikasyon?

Ang mga aplikasyon ay kailangang isumite online. Mangyaring bumisita sa www.sahahomes.org/apply para sa karagdagang impormasyon. Ang isang balidong address ng email ay kailangan para mag-aplay. **Ang tulong sa telepono ay magagamit.**

Mangyaring tumawag sa 510-629-9097 o mag-email sa monarch@sahahomes.org upang makagawa ng appointment. Ang mga aplikasyon ay maaaring kumpletuhin sa isang kompyuter, tablet, o mobile na smartphone.

3. Magkakaroon ba ng loterya?

Oo. Ang listahan ng paghihintay (waiting list) para sa mga 1-silid-tulugan na mga yunit sa Monarch Homes ay magbubukas sa Setyembre 24, 2020 sa 9:00 AM. Ang mga aplikasyon ay kailangang maisumite online hanggang sa 5:00 PM sa Oktubre 1, 2020. Ang isang loterya ay gagawin para sa mga aplikasyon na natanggap bago ang huling araw. Tanging ang nangunugunang 240 na mga aplikasyon lamang ang ilalagay sa listahan ng paghihintay para sa konsiderasyon. Kung ang mga karagdagang aplikasyon ay kailangan, inilalaan namin ang karapatan na iproseso ang mga susunod na aplikasyon sa ayos ng loterya.

4. May mga kagustuhan ba sa mga pagtanggap?

Oo. Ang Monarch Homes ay mas gustong tumanggap ng mga sambahayan na residente ng lugar, para sa mga sambahayan na nakatira o nagtatrabaho sa Lungsod ng Oakland, para sa mga sambahayan na nakatira o nagtatrabaho sa Alameda County, at para sa mga sambahayan na lumikas sa Lungsod ng Oakland dahil sa isang "no fault" na pagpapaalis, dahil sa mga aktibidad ng pagpapatupad ng koda, o dahil sa proyektong pagpapa-unlad na iniisponsor o tinutulungan ng Lungsod. Ang mga kagustuhan ay beberipikahin.

5. Kailan masisimulang gamitin ang mga apartment?

Inaasaahan na magagamit na ang mga apartment sa Disyembre 2020.

6. Mayroon bang mga yunit para sa mga may kapansanan?

Oo. Ang Monarch Homes ay may ilang mga yunit para sa mga residente na may mga kapansanan sa paggalaw, pandinig, at paningin. Ang ilang mga yunit ay may naririnig at nakikitang alarma sa sunog at tunog sa pinto, mga mahahawakang sandalan (grab bar), naaayos na mga istante, madaling abutin na mga outlet, switch, counter at kagamitan; at 36" na lapad ng pinto sa buong yunit. Ang gusali ay may elevator na may malaking lugar-hintayan sa bawat palapag ng tirahan, at kwarto ng labahan na may mga front loading na washer at dryer. May limitadong parking sa lugar. Magbibigay kami ng makatwirang akomodasyon kapag hiniling, beripikado, at kinakailangan.

7. May mga espesyal na yunit bang nakareserba (set-aside)?

Oo, may mga espesyal na set-aside yunit para sa mga aplikante na nasa peligro ng pagkawala ng tirahan at para sa mga aplikanteng Beterano ng Estados Unidos. Ang mga aplikante para sa mga yunit na ito ay dapat manggaling sa aming taga-refer na ahensya at kailangang maging kwalipikado rin sa kanila.

8. Ano ang mga gastusin sa paglipat?

Kasama sa mga gastusin sa paglipat ang deposito ng seguridad at ang unang buwang renta. Ang deposito ng seguridad ay katumbas ng isang buwang renta.

9. Pinapayagan bang magkaroon ng mga alagang hayop ang mga residente?

Ang ilang uri ng mga alagang hayop ay pinapayagan. Kailangang mag-apply ang mga residente, kailangang maaprubahan ang hayop, at mayroong \$200 na deposito para sa alagang hayop. Para sa mas detalyadong impormasyon, humiling ng kopya ng patakaran ng SAHA sa mga alagang hayop.

10. Ano ang mga Pamantayan sa Pagpili ng Residente?

Ang mga aplikante ay kailangang maging kwalipikado sa ilalim ng Patakaran sa Pagpili ng Residente ng SAHA. Kailangang matugunan ng mga sambahayan ang pinakamababa at pinakamataas na mga kinakailangan sa kita. Susuriin ng pamamahala ang mga sanggunian ng mga kasero, mga tala sa pagpapa-alis, at mga tala sa labag sa batas na pananatili upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng aplikante. Walang sisingilin na mga bayarin sa pag-screen sa mga aplikante.

- Ang mga aplikante na may pagpapaalis o petsa ng paghusga sa pananatili sa loob ng nakaraang limang (5) taon ay tatanggihan. Ang mga stipulasyon, pagbasura, at mga kaso na walang pangwakas na disposisyon ay hindi dahilan para sa pagtanggihan.
- Beberipikahin ng pamamahala ang paninirahan sa kasalukuyan at dating mga kasero sa nakaraang dalawang (2) taon. Partikular na tinitingnan ng pamamahala ang kasaysayan ng pagbayad, mga insidente ng pinsala at/o mga isyu sa pangangalaga ng bahay, mga paglabag sa pangungupahan at mga paglilitis sa pagpapaalis. Kapag nakatanggap ng negatibong sangguni mula sa kasero, ang aplikasyon ay tatanggihan. Ang kawalan ng kasaysayan ng paninirahan ay hindi nangangahulugan na diskuwalipikado ka na.

- Kailangan ding matugunan ng mga aplikante ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa Otoridad sa Pabahay ng Oakland (Oakland Housing Authority).

Kung ang iyong sambahayan ay hindi kwalipikado para sa anumang dahilan, ang iyong aplikasyon ay tatanggihan. Makakatanggap ka ng nakasulat na notipikasyon at mga tagubilin sa proseso ng pag-apela. Ang mga taong may kapansanan ay may karapatang humiling ng makatwirang mga akomodasyon upang makasali sa proseso ng pag-apela.

Bilang isang kasosyo ng EveryOne Home, susuriin namin ang mga indibidwal na kalagayan ng bawat aplikante, isasaalang-alang ang mga alternatibong anyo ng beripikasyon at karagdagang impormasyon na isinumite ng aplikante, at magbibigay ng mga makatuwirang akomodasyon kapag hiniling kung napatunayan at kinakailangan. Ang mga taong may kapansanan ay hinihimok na mag-apply.